

6. Panawagan Ni Hesus sa Kanyang Minamahal...Sa Kanyang Napipisil Na Kapuso (Bride)...

Ika 1 ng Setyembre, 2014 Mensahe Ni Hesus sa Pamamagitan Ni Sister Clare...

Ang Panginoon ay nananawagan sa Kanyang Minamahal, o ang Kanyang napipisil na Kabiya ng Puso patungo sa pagbabalik loob. Hindi pa sya nakahanda sa nalalapit na masidhing kagalakan (rapture). At gusto Nya tayong ihanda sa bagay na yun. Kaugnay ng bumabagsak na ekonomiya sa Amerika at buong bansa, at kung bakit pinapayagan ito ng Panginoon, ay para tawagin ang Kanyang mga Kapuso mula sa pagkahumaling nito sa mundo. Upang ilipat ang paningin nila mula sa kaabalaan sa mundo patungo sa Kanyang pagmamahal.

Batid ninyo na marami tayong mga lingkod (pastor) na nagtuturo ng kasaganahan ng Kristyano, mga taong nagtuturo na ang pag-unlad ay sa materyal na bagay lamang, na hindi ka magiging maunlad na Kristyano kung hindi ka mag-iisip ng tulad nila. Napakalayo nito sa katotohanan, sapagkat ang kayamanang materyal o salapi ay pinakahuli sa isipan ng Panginoon sa Bagong Tipan. Sa Lumang Tipan minsan ito ay ginagamit na gantimpala mula sa Panginoon, ngunit sa Bagong Tipan ay naglagay na Sya ng panuntunan.

Hindi Nya pinili na ipanganak na hari o anak ng hari at mamuhay tulad nito. Ang pinili Nya ay simpleng buhay, walang pagkukunwaring pamumuhay. Buhay na hindi nakasalalay sa kaguluhan ng mundo.

Kaya naghahanap Sya ng Kabiya ng Puso na tulad Nya, at eto ang mensaheng ibinigay Nya sa akin...

“ Ang mga taong magandang tingnan sa panlabas na anyo para sa nakararami ay hindi ang hinahanap kong Kabiya ng Puso. Ang hinahanap ko ay mapagkumbaba, mahinahon, nagsisisi at taos-puso. Yung mga nililibak at tinutuligsa dahil sa katotohanan. Naghahanap Ako ng susunod sa Aking halimbawa. Ganun ang hinahanap Kong Kabiya ng Puso. Gusto Kong magbigay ng pag-asa sa mga maliliit at minamaliit ng mundo. Sila ang tunay na busilak sa Aking paningin. Sila ang tunay na sumusunod sa Aking halimbawa dito sa mundo. Ikinalulungkot Kong sabihin na karamihan sa Aking mga Kristyano ay Reyna ng Babilonya ang kanilang halimbawa, o sa panahon ninyo ngayon ay ang mga nasa “ pinilakang tabing. “ Alam Ko naririndi na kayo pag sinasabi Ko ito sa inyo, pero hindi ito mundo ng pinilakang tabing, ito ay langit ang Aking Kaharian . And mga nandito ay walang pagkakatulad sa mga tinatawag ninyong nakaaangat sa mundong ito.”

“ Tinatawagan Ko ang Kabiya ng Aking Puso at Aking mga Anak na magbalik loob Kayo sa Akin. Hindi Ko naman ibig sabihin na ang magandang tingnan dito sa mundo ay hindi na pwedeng maging Kabiya ng Aking Puso, subalit sa kanyang pamumuhay dapat Akong makita sa Kanya, ipinako sa krus, tinanggihan, tinapak tapakan at nililibak.”

“ Binabata ang mga sugat sa kanyang puso na nilikha ng iba. Sa mga tulad nito malapit ang Aking puso. Binabata nila ang pasakit ng buong katahimikan at pananampalataya, pero sa panlabas hindi mo ito mahahalata. Sila ang mga pinipili Ko, kasama mg maliliit, mahihina, mga tinatanggihan at minamaliit sa lipunan.”

“ Batid Kong paulit ulit na Ako, pero ito ay napakahalaga at napaka importante.”

“ Gusto Kong malaman ng lahat na ang hinahanap Kong nararapat na Kabiya ng Puso ay HINDI ang mapusturang Kristyano. Kundi ang mga sobrang liit sa tingin ng lahat. Dalhin ninyo sa Akin yung tingin nila na sarili nila ay hindi karapat dapat sa Aking Korona. Ipatid ninyo sa kanila na sila ay tunay Kong mahal at

nararapat sa Akin. Ang mga katulad nila ang Aking Kabiya ng Puso. At yung mga naghihintay sa paligid ay NAPAKA kahalaga sa Akin.”

“ Sila ay sasahuran Ko din ng husto katulad ng mga naunang pumasok sa Aking gapasan/taniman.”

Yan ang mensahe ng Panginoon ngayon sa Kanyang Kapuso at sa Simbahan.